# Mga Benepisyo para sa Survivor

Ano ang nasa loob


Ang kahalagahan ng insurance para sa survivor (nabiyudo/nabiyuda at na-ulila) ng Social Security 1

Kung ikaw ay nagtatrabaho...ano ang kailangan mong malaman tungkol sa mga benepisyo ng survivor (nabiyudo/nabiyuda at na-ulila) 1

Kung pumanaw ang isang kamag-anak...ano ang kailangan mong malaman tungkol sa mga benepisyo ng survivor (nabiyudo/nabiyuda at na-ulila) 4

Pakikipag-ugnayan sa Social Security 6


## Ang kahalagahan ng insurance para sa survivor (nabiyudo/nabiyuda at na-ulila) ng Social Security

Ang kawalan ng kumikita ng pera sa isang pamilya ay isang malaking salanta sa parehong damdamin at pinansiyal. Nakakatulong ang Social Security sa pamamagitan ng pagkakaloob ng kita para sa mga pamilya ng mga manggagawa na namatay.

Ang libritong ito ay nagbibigay sa iyo ng malawakang pananaw ng mga benepisyo para sa survivor (nabiyudo/nabiyuda at na-ulila) na binabayad ng Social Security sa mga asawa at anak ng mga pumanaw na manggagawa. Ang libritong ito ay hindi nilalayon na masagot ang lahat ng iyong mga katanungan. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga benepisyo ng Social Security para sa mga survivor (nabiyudo/nabiyuda at na-ulila), bumisita sa aming website, o tumawag sa mga toll free na numero ng telepono.

## Kung ikaw ay nagtatrabaho...ano ang kailangan mong malaman tungkol sa mga benepisyo ng survivor (nabiyudo/nabiyuda at na-ulila)

### na “Life Insurance” mula sa Social Security

Maraming tao ang nag-aakala na ang Social Security ay isang programa sa pagreretiro lang. Ngunit ang ilan sa mga buwis ng Social Security na binabayaran mo ay napupunta sa mga benepisyo para sa mga survivor (nabiyudo/nabiyuda at na-ulila) ng mga manggagawa at ng kanilang mga pamilya. Sa katotohanan, ang halaga ng mga benepisyo para sa survivor (nabiyudo/nabiyuda at na-ulila) na mayroon ka sa ilalim ng Social Security ay marahil na mas malaki ang halaga kaysa sa iyong indibiduwal na life insurance.

Kapag kayo ay namatay, ang ilang mga miyembro ng iyong pamilya ay maaaring karapat-dapat para sa mga benepisyo ng survivor. Kabilang dito ang mga biyudo, biyuda (at mga diborsyadong biyudo at biyuda), mga anak, at mga dependent na magulang.

## Paano ako makaka-ipon ng mga benepisyo para sa survivor?

Habang ikaw ay nagtatrabaho at nagbabayad ng mga buwis sa Social Security, kumikita ka ng mga credit na mapapabilang sa iyong mga benepisyo sa Social Security. Ang bilang ng mga taon na kailangan mong magtrabaho para sa iyong pamilya para maging karapat-dapat para sa mga benepisyo ng survivor mula sa Social Security ay depende sa edad kapag kayo ay pumanaw na. Mas bata ka, mas kakaunti ang taon na kailangan mong magtrabaho. Ngunit, walang may kailangan ng higit sa 10 taon ng pagtatrabaho para maging karapat-dapat para sa anumang benepisyo ng Social Security.

**Sa ilalim ng isang espesyal na tuntunin**, kung ikaw ay nagtrabaho lang ng isa't kalahati sa loob ng tatlong taon bago ka pumanaw, maaari kaming magbayad ng mga benepisyo sa iyong mga anak at sa iyong asawa na nag-aalaga sa mga bata.

## Sino ang makakakuha ng mga benepisyo mula sa survivor (nabiyudo/nabiyuda at na-ulila) batay sa iyong trabaho?

- Ang **Iyong biyudo o biyuda** ay maaaring makakuha ng mga kumpletong benepisyo sa pagsapit ng ganap na edad para makapag-retiro. Ang ganap na edad para makapag-retiro para sa mga survivor ay edad na 66 taong gulang para sa mga taong ipinanganak ng taong 1945-1956. At ang ganap na edad para makapag-retiro ay dahan-dahan na tataas hanggang sa edad na 67 para sa mga taong ipinanganak ng 1962 o makalipas pa. Ang iyong biyudo o biyuda ay makakakuha ng binawasang mga benepisyo kasing aga pa lang ng edad na 60 Kung ang iyong natitirang asawa ay may kapansanan, maaaring magsimula ang mga benepisyo kasing aga pa lang ng edad na 50 taong gulang. Para sa karagdagang impormasyon sa mga biyuda, biyudo, at iba pang mga survivor (nabiyudo/nabiyuda at na-ulila), bumisita sa ***www.socialsecurity.gov/survivorplan***.
- **Ang Iyong biyudo o biyuda** ay makakatanggap ng mga benepisyo sa anumang edad kung inaalagaan nila ang iyong anak na mas bata sa edad na 16 taong gulang o may kapansanan, na nakakatanggap ng mga benepisyo mula sa Social Security.
- **Ang Iyong mga di kasal na anak,** na mas bata sa 18 taong gulang (o hanggang edad na 19 kung sila ay pumapasok para sa elementary o secondary school ng full time), ay makakatanggap rin ng mga benepisyo. Ang iyong mga anak ay makakakuha ng mga benepisyo sa anumang edad kung sila ay may kapansanan bago ang edad na 22 at nanatiling may kapansanan. Sa ilalim ng ilang mga situwasyon, maaari rin kaming magbayad ng mga benepisyo sa Iyong **stepchildren (mga anak ng asawa sa naunang asawa o kinakasama),mga apo, step-grandchildren, o mga inampong anak**.

***TALA:*** *Ang may kapansanan na mga bata na ang mga magulang na may limitadong kita o pinagkukuhanan ng salapi ay maaaring karapat-dapat para sa mga benepisyo na mula sa Supplemental Security Income. Para sa karagdagang mga impormasyon, basahin ang, Benefits for Children With Disabilities o Mga Benepisyo para sa Mga Bata na May Kapansanan (Publication No. 05-10026-TL).*

- **Ang iyong mga dependent na magulang** ay makakakuha ng mga benepisyo kung sila ay may edad na 62 o mas matanda pa. (Para maging kuwalipikado ang mga magulang bilang mga dependent, kailangan kang magkaloob ng kahit man lang kalahati ng kanilang suporta o sustento).

## Mga Benepisyo para sa mga natitirang diborsyadong asawa

Kung kayo ay diborsyado/o, ang inyong dating asawa na may edad na 60 o mas matanda pa (50-59 kung may kapansanan) ay makakakuha ng mga benepisyo, kung ang iyong kasal ay tumagal ng kahit man lang 10 taon. Ang inyong dating asawa, gayunman, ay hindi kailangang makatugon sa edad o tagal ng kasal na tuntunin kung inaalagaan nila ang iyong anak na mas bata sa edad na 16 taong gulang o may kapansanan at may karapatan ayon sa iyong rekord. Ang bata ay dapat iyo at ang likas o legal na inampon ng iyong dating asawa.

Ang mga benepisyong binabayad sa iyo bilang isang natitirang diborsyado/a na asaw ay hindi makaka-apekto sa mga rate ng benepisyo para sa ibang mga survivor na nakakatanggap ng mga benepisyo sa rekord ng manggagawa. Kung kayo ang natitirang diborsiyadang asawang babae o lalaki, na kasama ang anak ng manggagawa na may edad na 16 o may kapansanan kung saan ay inaalagaan mo, ang iyong benepisyo ay makaka-apekto sa mga benepisyo ng ibang nasa rekord.

## Isang beses na pagbabayad sa kamatayan

Kami ay nagsasagawa ng isang beses na pagbabayad na $255 kapag kayo ay pumanaw, kung sapat ang iyong naitrabaho. Binabayaran lang namin ang benepisyong ito sa iyong asawa o anak kung sila ay nakakatugon sa ilang mga kahilingan. Ang mga survivor ( nabiyudo/nabiyuda at na-ulila) ay kailangang mag-apply para sa kabayarang ito sa loob ng dalawang taon nang petsa ng kamatayan.

## Magkano ang mga benepisyo?

Ang halaga na natatanggap ng iyong pamilya mula sa Social Security ay depende sa iyong average na kinita sa habang buhay. Mas marami ang kinita mo, mas maraming magiging mga benepisyo.

Tingnan ang iyong *Social Security Statement* upang makita ang isang pagtatantiya sa mga benepisyo ng survivor (nabiyudo/nabiyuda at na-ulila) na maaari naming bayaran. Ipinapakita rin ang pagtatantiya ng iyong mga benepisyo sa pagreretiro at kapansanan, at nagbibigay ng iba pang mahahalagang impormasyon. Gumawa ng isang *my* Social Security account online para mabalikan ang iyong *Statement*.

## Online na *my* Social Security account

Ngayon ay madali ka nang makaka-set up ng isang ligtas na online account ng *my* Social Security . Ito ay nagpapahintulot sa iyong ma-access ang iyong *Social Security Statement* para makita at matiyak ang iyong mga kinita at makuha ang iyong mga pagtatantiya sa benepisyo. Maaari mo rin gamitin ang iyong *my* Social Security na account para humiling ng isang kapalit na card para sa Social Security number (magagamit sa ilang mga estado at sa District of Columbia). Kung makatanggap ka ng mga benepisyo, maaari mo rin:

- Makuha ang iyong verification letter (sulat ng pagpapatotoo) ng benepisyo;
- Baguhin ang iyong address at numero ng telepono;
- Humiling ng kapalit na Medicare card;
- Humiling ng kapalit na SSA-1099 o SSA-1042S para sa buwan ng pagsasampa ng buwis; o
- Simulan o baguhin ang iyong direktang pagdeposito.

Maaari kang gumawa ng iyong *my* Social Security account kung nasa edad ka na 18 o mas matanda pa, may Social Security na numero, isang balidong address pang-koreo sa Estados Unidos, at isang email address. Para makalikha ng account, magpunta sa ***www.socialsecurity.gov/myaccount***. Kakailanganin mong magbigay ng ilang mga personal na impormasyon upang makumpirma ang iyong pagkakakilanlan; tapos ay hihilingin sa iyong pumili ng isang username at password; tapos ay hihilingin ang iyong email

address. Kailangan mong piliin kung paano mo nais na matanggap ang isang beses lang na ipapadalang security code-sa isang text-enabled na cell phone o sa email address kung saan ka nakarehistro-na kailangan mong ilagay kapag gumawa ka ng account. Tuwing mag-sign in ka gamit ang iyong username at password, magpapadala kami ng one-time security code sa iyong cell phone o sa iyong email address. Ang security code ay parte ng aming para protektahan ang iyong personal na impormasyon. Tandaan na maaaring ipataw ang mga singilin para sa text message at data ayon sa iyong tagapagkaloob ng serbisyo para sa cell phone.

## Kung pumanaw ang isang kamag-anak...ano ang kailangan mong malaman tungkol sa mga benepisyo ng survivor (nabiyudo/nabiyuda at na-ulila)

### Paano ako mag-a-apply para sa mga benepisyo?

#### *Kung kasalukuyan kang hindi nakakatanggap ng mga benepisyo mula sa Social*

Mag-apply para sa mga benepisyo ng survivor (nabiyudo/nabiyuda at na-ulila) kaagad dahil, para sa ilang mga claim, babayaran namin ang mga benepisyo mula sa oras na mag-apply ka at hindi sa sandaling namatay ang manggagawa.

Maaari kang mag-apply sa telepono o sa alinmang tanggapan ng Social Security. Kakailanganin namin ang ilang impormasyon, ngunit huwag ipaantala ang pag-a-apply kung hindi ka pa kumpleto sa lahat. Tutulungan ka namin na makuha ang kailangan mo. Kailangan namin ng mga orihinal na dokumento o mga kopya na certified ng ahensyang nagpalabas ng mga ito.

Kabilang sa mga impormasyong kailangan namin ang:

- Katibayan ng kamatayan —mula sa punerarya o isang death certificate;
- Iyong numero sa Social Security, at ang SSN ng pumanaw na manggagawa;
- Iyong birth certificate;
- Iyong marriage certificate; kung ikaw ay biyudo/a;
- Iyong divorce papers, kung ikaw ay nag-a-apply bilang isang diborsyadong biyuda – nabalong babae (Biyudo-nabalong lalaki);
- Mga numero sa Social Security ng mga dependent na anak, kung mayroon, at mga birth certificate;
- Ang W-2 form ng pumanaw na manggagawa o pederal na self-employment tax return o tax return para sa sariling negosyo para sa pinakahuling taon; at
- Ang pangalan ng iyong bangko at iyong account number para maideposito ang iyong mga benepisyo nang direkta sa iyong account.

#### *Kung nakakatanggap ka na ng mga benepisyo mula sa Social*

Kung nakakatanggap ka na ng mga benepisyo bilang asawa batay sa trabaho ng iyong asawa, babaguhin namin ang iyong mga bayad upang maging mga benepisyo sa survivor (nabiyudo/nabiyuda at na-ulila) kapag inulat mo ang kamatayan sa amin. Kung kailangan namin ng mas maraming impormasyon, makikipag-ugnayan kami sa iyo.

Kung nakakatanggap ka ng mga benepisyo batay sa iyong sariling trabaho, tumawag o bumisita sa amin. Titingnan namin kung makakakuha ka ng mas mataas na halaga bilang isang biyudo/a. Kung gayon, makakatanggap ka ng kombinasyon ng mga benepisyo na katumbas ng mas mataas na halaga. Kailangan mong kumpletuhin ang isang application para makalipat sa mga benepisyo para sa survivor. Kailangan rin namin makita ang death certificate ng iyong asawa.

## Magkano ang aking matatanggap?

Ibabatay namin ang halaga ng benepisyo sa mga kinita na taong pumanaw. Mas maraming binayad ang manggagawa sa Social Security, mas mataas ang magiging benepisyo.

Ginagamit ng Social Security ang basic na halaga ng benepisyo ng pumanaw na manggagawa para kuwentahin ang porsiyentong makukuha ng mga survivor. Ang porsiyento ay depende sa edad at ugnayan ng survivor sa manggagawa. Kung ang manggagawa na pumanatay ay nakakatanggap ng mga binawasang benepisyo, ibabatay namin ang benepisyo ng survivor sa halagang iyon. Sa pinakakaraniwang mga claim para sa benepisyo:

- Isang biyudo o biyuda, sa ganap na edad para makapag-retiro o mas matanda pa, ay karaniwang nakakatanggap ng 100 porsiyento ng basic na halaga ng benepisyo ng manggagawa.
- Ang isang biyudo o biyuda, may edad na 60 o mas matanda, ngunit wala pa sa ganap na edad para makapag-retiro, ay makakatanggap ng halos 71-99 porsiyento ng basic na halaga ng benepisyo ng manggagawa; o
- Isang biyudo o biyuda, sa anumang edad, na may anak na mas bata kaysa sa edad na 16 taong gulang, ay makakatanggap ng 75 porsiyento ng halaga ng benepisyo ng manggagawa.
- Ang bata ay nakakatanggap ng 75 porsiyento ng halaga ng benepisyo ng manggagawa.

## Maximum na mga benepisyo ng pamilya

Mayroong limitasyon sa mga benepisyo na maibabayad namin sa iyo at sa iba pang mga miyembro ng pamilya kada buwan. Ang limitasyon ay nag-iiba sa pagitan ng 150 at 180 porsiyento ng halaga ng benepisyo ng pumanaw na manggagawa.

## Mga pension mula sa trabaho na hindi sakop ng Social Security

Kung makatanggap ka ng pension mula sa trabaho kung saan nagbayad ka ng mga buwis para sa Social Security, ang pension na iyon ay hindi makaka-apekto sa iyong mga benepisyo mula sa Social Security. Gayunman, kung makatanggap ka ng pension mula sa pagreretiro o sanhi ng kapansanan mula sa trabaho na hindi sakop ng Social Security — halimbawa, mula sa federal civil service, ilang mga trabaho sa gobyerno sa estado o panlokal, o trabaho sa ibang bansa — maaari naming bawasan ang iyong benepisyo mula sa Social Security.

Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang *Government Pension Offset o Offset mula sa Pension ng Gobyerno* (Publication No. 05-10007) para sa mga empleyado ng gobyerno na maaaring karapat-dapat para sa mga benepisyo ng Social Security na nasa rekord ng kinita ng asawa. Basahin ang *Windfall Elimination Provision* (Publication No. 05-10045) para sa mga taong nagtrabaho sa ibang bansa, o mga empleyado ng gobyerno na karapat-dapat rin para sa kanilang sariling mga benepisyo mula sa Social Security.

## Paano kung nagtatrabaho ako?

Kung ikaw ay nagtatrabaho habang nakakatanggap ng mga benepisyo ng survivor mula sa Social Security at mas bata pa sa itinakdang ganap na edad para makapag-retiro, maaari naming bawasan ang iyong mga benepisyo kung ang mga kinikita ay higit sa ilang mga limitasyon. Ang ganap na edad para makapag-retiro para sa mga survivor ay edad na 66 taong gulang para sa mga taong ipinanganak ng taong 1945-1956. Ang ganap na edad para makapag-retiro ay dahan-dahan na tataas hanggang sa edad na 67 para sa mga taong ipinanganak ng 1962 o makalipas pa. Upang malaman kung ano ang mga limitasyon sa kinita ngayong taon at kung paano ang mga kumikita na higit sa mga limitasyon na iyon ay

nagbabawas sa iyong mga benepisyo sa Social Security, basahin ang *How Work Affects Your Benefits* (Publication No. 05-10069-TL).

Walang mga limitasyon ng kita sa umpisa ng buwan na umabot ka sa ganap na edad para makapag-retiro.

At, ang iyong mga kita ay magbabawas **lang** sa iyong mga benepisyo, hindi ang mga benepisyo ng iba pang mga miyembro ng pamilya.

### Paano kung ikasal ako muli?

Karaniwan, hindi ka makakatanggap ng mga benepisyo ng biyudo/a kung ikaw ay muling magpakasal bago ang edad na 60. Ngunit ang pagpapakasal ulit makalipas ang edad na 60 (o edad na 50 kung ikaw ay may kapansanan) ay hindi makakahadlang sa iyong makakuha ng mga benepisyo batay sa trabaho ng iyong **dating** asawa. At sa edad na 62 o mas matanda, makakatanggap ka ng mga benepisyo sa trabaho ng iyong bagong trabaho, kung ang mga benepisyong iyong ay mas mataas

### Karapatan na mag-apela

Kung di ka sumasang-ayon sa isang desisyon na ginawa sa iyong claim, maaari mo itong i-apela. Para sa isang pagpapaliwanag ng mga hakbang na magagawa mo, basahin ang *The Appeals Process o Ang Proseso ng Apela* (Publication No. 05-10041-TL).

Maaari mong pangasiwaan ang sarili mong apela sa pamamagitan ng libreng tulong mula sa Social Security, o mapipili mong kumuha ng kinatawan para tulungan ka. Mabibigyan ka namin ng impormasyon tungkol sa mga organisasyon na makakatulong sa iyong makahanap ng isang kinatawan. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagpili ng isang kinatawan, basahin ang *Your Right to Representation o Iyong Karapatan sa Pangangatawan* (Publication No. 05-10075-TL).

## Pakikipag-ugnayan sa Social Security

May iba't ibang paraan para makipag-ugnayan sa Social Security, kabilang na ang online, sa pamamagitan ng telepono, at nang personal. Naririto kami para sagutin ang inyong mga katanungan at upang mapaglingkuran kayo. Higit na sa 80 taon, ang Social Security ay nakatulong na mapanatag ang kabuhayan ngayon at para sa kinabukasan sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga benepisyo at pinansiyal na proteksyon para sa milyon-milyong mga katao para sa kanilang pamumuhay.

### Bumisita sa aming website

Ang pinakamadaling paraan na makipag-ugnayan sa Social Security mula saanmang lugar kahit kailan, ay bumisita sa ***www.socialsecurity.gov***. Doon, maaari kayong:

- Lumikha ng isang *my* Social Security account para mabalikan ang inyong *Social Security Statement*, patotohanan ang inyong mga kinita, mag-print ng isang benefit verification lettert (liham ng pagpapatotoo ng benepisyo), baguhin ang inyong impormasyon para sa direktang pagde-deposito, humiling ng isang pamalit na Medicare card, kumuha ng kapalit na SSA-1099/1042S, at marami pang iba;
- Mag-apply para sa Extra Help (Karagdagang Tulong) gamit ang mga gastusin sa plano ng Medicare para sa inireresetang gamot;
- Mag-apply para sa retirement, kapansanan at mga benepisyo sa Medicare;
- Maghanap ng mga kopya ng aming mga inilathala;
- Makuha ang mga sagot sa mga madalas a katanungan; at
- Marami pang iba!

Ang ilang sa mga serbisyong ito ay makukuha lang sa wikang Ingles. Bumisita sa aming Multilanguage Gateway para sa impormasyon sa wikang Tagalog. Kami ay nagkakaloob ng libreng serbisyo ng interpreter para tulungan

kayo sa pagsasagawa ng inyong dapat gawin sa Social Security. Ang mga serbisyo ng interpreter ay handang magamit kung kayo ay makikipag-usap sa amin sa telepono o sa tanggapan ng Social Security.

### Tumawag sa amin

Kung wala kayong access sa internet, kami ay naghahandog ng maraming mga automated na serbisyo sa pamamagitan ng telepono, 24 oras, 7 araw sa isang linggo. Tumawag sa amin sa walang bayad na toll sa **1-800-772-1213** o sa aming TTY na numero, **1-800-325-0778**, kung kayo ay hindi nakakarinig o nahihirapan makarinig.

Kung kailangan ninyong makipag-usap sa isang tao, masasagot namin ang inyong mga tawag mula 7 a.m. hanggang 7 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Humihingi kami ng kaunting pasensya sa mga panahon na napakaraming ginagawa dahil maaari kayong makaranas ng higit sa karaniwang dalas na pagka-busy ng telepono at mas matatagal na panahon ng paghihintay sa tawag para makausap kami. Inaasahan namin na makapaglingkod sa inyo.

Securing today
and tomorrow

**Social Security Administration**
Publication No. 05-10084-TL | March 2018
Mga Benepisyo para sa Survivor
Survivors Benefits (Tagalog)
Produced and published at U.S. taxpayer expense
Ang nagbabayad ng buwis sa U.S. ang nagbayad para sa paglikha at paglathala nito